



Republic of the Philippines  
Province of Oriental Mindoro  
**MUNICIPALITY OF ROXAS**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-4 NA ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 OKTUBRE 2008, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo  
Konsehal Agustin L. Cusi  
Konsehal Cesar T. Balicos  
Konsehal Jocelyn G. Solabo  
Konsehal Angeles D. Bautista  
Konsehal Hernan C. Ererita  
Konsehal Bernabe S. Mortel  
Konsehal Edren Y. Faderon  
Konsehal Napoleon M. Dimapilis  
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay  
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Surmiento - Pangulo, Pambayang  
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Absent : WALA

KAPASYAHAN BLG. 066  
Taong 2008

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKARAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, **KGG. SALVADOR R. VILLONES**.

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKAT, si Kgg. SALVADOR R. VILLONES ay isang masipag at matapat na lingkod-bayan na sa panahon ng kanyang panunungkulan bilang Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagpamalas ng dedikasyon at pagmamahal sa gawain at sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan,

SAPAGKAT, bilang isang Kagawad ipinakita niya ang buo at tapang ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan,

**SAPAGKAT,** si Nong Badoy, tulad ng tawag sa kanya ng mga kakilala't kaibigan ay naging isang mabuting pastol hindi lamang sa mga kabataan kundi higit sa kanyang pamilya, bilang isang ulirang ama at asawa, isang mabuting anak at kaputid, kung saan ang kanyang paglisan ay lubhang dinaramdam ng mga naiwan;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at mga kuwani ay lubos na nagpapahayag ng pagkilala at pasasalamat sa lahat ng mga kabutihan at paglilingkod ni Kgg. SALVADOR R. VILLONES sa mga mamamayan ng bayang ito kasabay ng pagpapahat ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang mga naulila.

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Konsehal Agustin L. Cusi na sinang-ayunan ng lahat -

**IPINASIYA** tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng yumaong naging kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, Kgg. SALVADOR R. VILLONES.

**IPINASYA RIN** na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga anak at mga kaanak ng namayapang Kgg. SALVADOR R. VILLONES lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay : 14 Oktubre 2008

PINATUTUNAYANG WASTO:

  
**FERDINAND V. TALENS, MPA**  
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

  
**VIOLETA L. DIMAPILIS**  
Pangalawang Punong Bayan